




## Guide para sa segregation o paghihiwalay ng basura

Papatawan ng 167 euro na multa ang sinumang mag-iiwan ng basura sa daan o hindi magse-segregate o paghihiwalay-hiwalayin ang kanilang basura.

### PAPEL, CARDBOARD AT KARTON NG MGA INUMIN



**OO**

Diyaryo, textbook at exercise book, envelope, wrapper, photocopies, sheet ng papel, flyers at leaflets; paper bags; karton (hal. Tetra Pak) para sa mga inumin at produktong pagkain (juice, gatas, alak, puree at legumes); pakete, iba't ibang size ng kahon; corrugated cardboard; kahon ng pizza.

**Tandaan:** ang papel na masyadong nadumihan ng pagkain ay hindi dapat ihalo sa papel na ire-recycle. **BAWAL ILAGAY ANG PAPEL AT CARDBOARD SA LOOB NG PLASTIC BAG.**

**hindi**

Papel na plastic coated, may chemical at malangis; papel at cardboard na masyadong nadumihan ng pagkain at iba pang substance.

### BABASAGIN, PLASTIC, LATA AT METAL



**OO**

Bote, vase, tray at lalagyan na babasagin o yari sa plastic, aluminyo at metal; timba at palaggana; tubong walang laman; lata; cellophane, foil at transparent film; iba't ibang size ng plastic bags, pouches, shopper at net na sako at supot; pack at wrapper para sa biscuits, snacks and potato chips; disposable na plastic plates at cups na walang tira-tirang pagkain o inumin; spray cans na walang laman; takip, kulungan na yari sa kawad at caps o takip bote.

**TANDAAN:** ang mga materyal ay dapat na walang laman ng tira-tirang pagkain o produkto.

**hindi**

Porselana, ceramic at Pyrex, basong babasagin; kristal; salamin, bombilya at neon tubes; disposable na kuyertos; laruan at mga bagay na yari sa goma.

### ORGANIC NA BASURA



**OO**

Tira-tirang pagkain at mga pinagbalatan ng pagkain, prutas at gulay, panis na tinapay, balat ng itlog; latak ng kape o coffee grounds at tea bags; panis na pagkain, expired na pagkain; bulaklak at halaman sa bahay; maduming paper napkin, kahon ng pizza na sobrang madumi (punitin); dumihan ng maliliit na alagang hayop.

**TANDAAN:** isarang mabuti ang mga supot ng basura upang maiwasan ang mabahong amoy.

**hindi**

Diapers at sanitary napkins; basahan; wrapper at packaging

### TUYONG BASURA



**OO**

Maduming basahan, goma; papel na plastic coated, may chemical at malangis; babasaging baso at inuman; diapers at sanitary napkins; hirnggilya at karayom na may takip; bag para sa vacuum cleaner; maliliit na bagay na yari sa kahoy; sirang laruan na walang electrical o electronic component; ceramic, porselana at terracotta; felt tip markers, gunting at ballpen; audio at video cassettes, floppy disks, CD.

**hindi**

Bulky o malalaking bagay at construction at demolition waste; papel, cardboard at karton ng inumin (hal. Tetra Pak); babasagin, plastic at lata; organic na basura.